# KAPASIYAHAN BLG. 2023-62

**"NAGBIBIGAY PAHINTULOT SA PUNONG BAYAN, IGG. FRANCIS ALBERT G. JUAN, NA KATAWANIN ANG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS AT LUMAGDA SA MEMORANDUM OF AGREEMENT (MOA) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN AT BULACAN STATE UNIVERSITY (BUSTOS CAMPUS) NA NAUUKOL SA *COMPUTER LITERACY PROGRAM* PARA SA MGA KAWANI NG PAMAHALAANG BARANGAY."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Marie Niña Nikkie Perez, MA**

*Tagapangulo*
**Lupon sa Edukasyon**

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na mabigyang pahintulot na katawanin at lumagda sa isang Memorandum of Agreement (MOA) sa pagitan ng Pamahalaang Bayan at Bulacan State University (Bustos Campus);

**SAPAGKA'T,** ang kasunduang ito ay ukol sa *computer literacy program* para sa mga kawani ng Pamahalaang Barangay;

**SAPAGKA'T,** sa masusing pag-aaral ng Lupon ay napatunayang ang kasunduang ito ay higit na makakatulong upang magkaroon ng dagdag kaalaman at kasanayan, ang mga kawani ng ating Pamahalaang Barangay sa teknolohiya.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. MARIE NIÑA NIKKIE PEREZ, MA** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na bigyang pahintulot ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na katawanin ang Pamahalaang Bayan ng Bustos at lumagda sa *memorandum of agreement* (MOA) sa pagitan ng Pamahalaang Bayan at Bulacan State

University (Bustos Campus) na nauukol sa *computer literacy program* para sa mga kawani ng Pamahalaang Barangay.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-13 ng Marso taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Niña Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wrymer B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Virgilio S. Paglinawan**
ABC President

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

—— ■ ——

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-13 ng Marso taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim